# ‘Solvent boys’ sa QC, sasagipin

Magkatuwang na sasagipin ng pamunuan ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) at Local Government ng Quezon City ang mga nagkalat na kabataan na tinawag na ‘solvent boys’ sa lungsod.

Kahapon pumirma sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sina PDEA Dir. Gen. Aaron Aquino at Vice Mayor Joy Belmonte na siyang Chairperson ng Quezon City Anti-Drug Abuse Advisory Council (QCADAAC).

Ang MOA ay naglalayong iligtas sa ‘kuko’ ng panganib at kapahamakan ang mga batang lansangan na sumisinghot ng solvent.

Sa impormasyon ng PDEA, nagagamit din ang mga ‘solvent boys’ bilang mga runner at courier ng ilang miyembro ng sindikato na nagpapakalat ng droga sa bansa.

Sa ilalim ng kasunduan ang PDEA at QCADAAC ay mangangasiwa sa isang pasilidad sa Brgy. San Agustin sa Novaliches na paglalagakan ng mga nasagip na kabataan na nahuling sumisinghot ng solvent o sangkot sa illegal drug trade para sumailalim sa rehabilitation at reintegration.

Ang programa ay magbibigay ng reformation at reintegration interventions tulad ng counselling, values-formation, skills development-livelihood at entrepreneurship training.

Isinagawa ng PDEA at QCADAAC ang partnership sa isang simpleng seremonya sa “Bahay Pangarap”, sa loob ng Clemente Subdivision, Brgy. San Agustin, Novaliches, Quezon City.

Ang “Bahay Pangarap” building ay gagawing “Sagip Batang Solvent Reformation Center”.

Nangako si Vice Mayor Belmonte ng 100 porsiyento na tutulong at magtatrabaho ng hand on hand para maging matagumpay ang nasabing proyekto.

Ang Quezon City ang siyang ginamit na ‘pilot project’ ng PDEA na isusunod at gagawin din sa ibang bayan at lungsod sa Metro Manila. *(Mer Layson at Angie dela Cruz)*



*Tinanggap ng pamahalaang lungsod ng Quezon sa pangunguna ni Vice mayor Joy Belmonte ang token of appreciation buhat kay PDEA Director Aaron Aquino matapos ang isinagawang signing ng memorandum of agreement na dito nakapaloob ang pagbibigay ng temporary shelter sa mga nasasagip na kabataan na nalululong sa pagsinghot ng solvent at ilegal na droga. (Kuha ni Boy Santos)*